UNDUE Medical Debt

PO Box 19085
Long Island City, NY 11101

***KABUUANG UTANG NA NABURA:***

***MGA NAGPAUTANG:***

***MGA NUMERO NG KUWENTA:***

***MGA PETSA NG SERBISYO:***

***ID NG REGALO:***

**MANGYARING PANATILIHIN PARA SA IYONG MGA REKORD.**

Mahal na [Pangalan]

Sumusulat kami upang ibahagi ang mabuting balita: hindi mo na kailangang bayaran ang (mga) utang na medikal na nakalista sa kanan ng liham na ito.

Ang utang ay ganap ng kinansela ng County of Los Angeles sa pakikipagtulungan ng Undue Medical Debt, isang pambansang samahang hindi kumikita (non-profit).

Ang pagkansela ng medikal na utang na ito ay isang regalo na walang mga kondisyon at hindi ito maituturing na kita na kinita mo. Wala ka ng anumang obligasyon na bayaran ang utang na ito sa sinuman at walang mga buwis sa kit ana dapat bayaran.

Ang susunod na pahina ay nagpapaliwanag kung bakit ibinibigay ang serbisyong ito. Maaari mong malaman ang tungkol sa County of Los Angeles Medical Debt Relief Program sa ph.lacounty.gov/RelieveMedicalDebt at tungkol sa Undue Medical Debt sa www.UndueMedicalDebt.org.

## Narito ang pinakahahalagang mga bagay na dapat mong malaman kaagad:

- Ang tulong na ibinigay ay para lamang sa (mga) medikal na pagkakautang na tinutukoy sa liham na ito.
- Ang iyong pagiging pribado ay protektado. Ang mga medikal na rekord ay mananatili sa manggagamot o ospital.
- Kung kailangan mo ng tulong sa iba pang mga bayarin o nais na mag-aplay para sa tulong pinansyal para sa iba pang pangangalagang medikal, mangyaring tingnan ang mga mapagkukunan ng tulong/impormasyon sa susunod na pahina. May karapatan kang makatanggap ng tulong pinansyal at may mga batas na nagpoprotekta sa iyo mula sa hindi makatarungang paniningil.

## Mangyaring kumpirmahin na natanggap mo ang liham na ito upang matulungan kaming masubaybayan ang epekto ng aming programa:

Gamitin ang nag-uugnay/kodigo ng QR (link/QR code) upang matulungan kaming pagbutihin ang programang ito ng pagkakansela ng utang at magsumite ng anumang mga katanungan. Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan, at ang iyong impormasyon ay mananatiling pribado maliban kung papahintulutan mo kaming ibahagi ito. Ikaw ay isasali rin sa isang paripang premyo [prize draw] (tingnan ang mga detalye sa likod).

Kung nais mong makipag-ugnay sa pamamagitan ng koreo, mangyaring sumulat sa: Undue Medical Debt-Constituent Services, 28-07 Jackson Ave, 5th Floor, Long Island City, NY 11101.

Upang tumugon, i-scan ang QR code gamit ang iyong telepono o bisitahin ang

**Inaasahan naming ang tugon mula sa inyo!**

Ang liham na natanggap mo sa koreo ay pipirmahan ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Los Angeles (Los Angeles County Board of Supervisors) at ng pangulo ng Undue Medical Debt.

Tagalog/Filipino

# Mga Katanungang Madalas Itanong

## ANO ANG PROGRAMA NG PAGKANSELA SA UTANG NG LOS ANGELES COUNTY?

Inilunsad ng Los Angeles County ang Programa ng Pagkansela sa Medikal na Utang (Medical Debt Relief Program) upang kanselahin ang medikal na utang para sa mga residenteng lubhang nahihirapan sa pananalapi. Ang programang ito ay bahagi ng isang mas malawak na estratehiya upang mapigilan at mabawasan ang pasanin ng medikal na utang na isinagawa ng Lupon ng mga Superbisor at ng Medical Debt Coalition. Bilang karagdagan sa pagkansela ng utang para sa tinatayang kwalipikadong 150,000 na residente, kabilang dito ang adbokasiya sa lehislatibo, pangangalap ng datos, pinahusay na mga programa sa tulong pinansyal, at pinalawak na mga mapagkukunan ng tulong/impormasyon ng mga konsumer. Upang malaman pa ang mas marami, bisitahin ang Ph. lacounty.gov/MedicalDebt.

## BAKIT NINYO GINAGAWA ITO?

Layunin ng Undue Medical Debt na tulungan ang mga pamilya at indibidwal na lubos na nahihirapan sa medikal na utang sa pamamagitan ng pagkuha at pagkansela ng mga utang na ito. Ang mga medikal na utang ay kadalasang nagreresulta mula sa hindi planado, hindi inaasahang mga karamdaman at aksidente. Halos isang-katlo ng mga nasa hustong gulang sa Amerika ang nahihirapang bayaran ang mga hindi inaasahang mga bayarin sa gastusing sa pangangalagang pangkalusugan. Ang medikal na utang rin ang pangunahing dahilan ng pagkabangkarote sa Amerika. Sa maraming mga lugar at para sa maraming mga kadahilanan, ang mga balanse ng pasyente ay patuloy na tumataas kahit na may seguro at maraming mga tao ang nananatiling walang seguro. Isinasagawa namin ito upang mapalawak ang mga oportunidad sa ekonomiya at matulungan ang mga pamilya na mamuhay nang mas malusog, katuwang ang County ng Los Angeles.

## SINO ANG UNDUE MEDICAL DEBT?

Ang Undue Medical Debt (dating kilala bilang RIP Medical Debt hanggang Abril 2024) ay isang hindi-kumikitang (non-profit), pambansang kawanggawa na nangangalap ng pondo mula sa mga donor, kabilang ang mga lokal at estadong pamahalaan, at ginagamit ang mga ponding ito upang makuha at kanselahin ang mga medikal na utang. Ang aming numero ng IRS EIN ay 47-1442997. Simula nang itatag kami noong 2014 (bilang Medical Debt Resolution, Inc.), nakapagkansela kami ng higit sa $14 bilyon ng medikal na utang, na nakatulong sa mahigit na 9 na milyong tao.

## MAYROONG BANG MGA KAPALIT ITO?

Wala! Makakasigurado ka, ang utang na binanggit sa liham ay hindi mo na kailangang bayaran at hindi mo na kailangang gumawa ng anumang aksyon. Nakuha namin ang utang at ito ay permanente ng kinansela. Ito ay isang kawanggawa na isinakatuparan ng Los Angeles County at iba pang mga donor na sumusuporta sa misyon ng Undue Medical Debt.

Mangyaring tandaan na ang Undue Medical Debt ay maaaring hindi na muling makakuha ng medikal na utang sa inyong lugar. Ang aming kakayahang burahin ang mga utang na medikal ay nakasalalay sa maraming mga salik (factors), kabilang na ang pagkakaroon ng pondo mula sa mga donor.

Kung ikaw ay tutugon at magbabahagi ng iyong kuwento sa loob ng 14 na araw mula nang matanggap ang liham na ito (gamit ang kodigo ng QR o nag-uugnay na bit.ly [QR code o bit.ly link]), maisasali ka sa isang random na paripa upang manalo ng isang $100 card na regalo (gift card). Ang mga tatanggap ay pipiliin kada tatlong buwan at aabisuhan sa pamamagitan ng email.

## BAKIT TININGNAN ANG AKING ULAT SA KREDITO (CREDIT REPORT)?

Ang isang banayad na pagsusuri (soft inquiry) sa kasaysayan ng iyong kredito ay isinagawa upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado para sa pagkansela ng medikal na utang ng Undue. Ang mga banayad na pagsusuri (soft inquiry) ay nakalista sa iyong ulat sa kredito ngunit hindi nakakaapekto sa iyong puntos ng kredito (credit score).

## KINANSELA BA NINYO ANG LAHAT NG UTANG KO?

Nagsusumikap kaming kanselahin ang pinakamaraming utang hangga't maaari, ngunit kadalasan ay nakukuha lamang naming ang ilang mga utang sa pangangalagang pangkalusugan. Dahil sa maraming posibleng mga bayarin para sa pangangalagang pangkalusugan, possible na may mga utang kaming nabura habang ang iba pa ay nananatiling hindi pa nababayaran. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga partikular na utang na nabura, mangyaring makipag-ugnayan sa nagpapautang na nakasaad sa kanang sulok sa itaas na bahagi ng unang pahina ng liham na ito.

Kung naniniwala ka na ang nakalustang utang ay nabayaran na, hindi mo ito utang mula sa simula, o kung may iba ka pang mga katanungan tungkol sa iyong liham - mangyaring gamitin ang kodigo ng QR (QR code) o bisitahin ang .

## MGA TAO, TUMUTULONG SA KAPWA TAO

Umaasa kami sa mga donasyon mula sa mga indibidwal, korporasyon, mga kawanggawang organisasyon at gobyerno upang suportahan kami sa aming misyon at layunin. Upang malaman pa ang mas marami tungkol sa Undue Medical Debt, mangyaring bisitahin kami sa https://www.UndueMedicalDebt.org.

Kung kailangan mo ng tulong sa iba pang mga bayarin o nais mag-aplay para sa tulong pinansyal, ang mga mapagkukunan ng tulong/impormasyong at mga mungkahi ay makikita sa ph.lacounty.gov/MedicalDebt o tumawag sa Neighborhood Legal Services ng Los Angeles County sa (800) 896-3202.

UNDUE Medical Debt

COUNTY OF LOS ANGELES CALIFORNIA